

2022 Ontario Voting Guide – Tagalog (Filipino)

Humandang bumoto sa halalan sa lalawigan ng Ontario!

Markahan ang iyong X sa o bago ang Hunyo 2.

Pagiging karapat-dapat

Upang bumoto sa isang halalan sa Ontario, ikaw ay dapat:

- 18 taong gulang o mas matanda sa araw ng halalan;
- isang mamamayan ng Canada; at
- isang residente ng Ontario.






Pagpaparehistro

Kumpirmahin, magpabago o idagdag ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante hanggang Mayo 23 sa eregistration.elections.on.ca.

Maaari ka pa ring bumoto kung hindi ka nakarehistro. Idagdag ang iyong impormasyon nang personal kapag bumoto ka.

Kard ng impormasyon ng botante

Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante, padadalhan ka sa koreo ng isang kard ng impormasyon ng botante na may impormasyon tungkol sa kung kailan at saan bumoto. Ipapadala sa koreo ang mga kard ng impormasyon ng botante simula Mayo 13.

Voter Information Card Carte d'information de l'électeur	Return address: 1234 NORTH WALSINGHAM - SOUTH WALSINGHAM TOWNLINE RD CITY ON EOE OEO	
Vote on Election Day — June 2, 2022, 9 AM to 9 PM (ET) Vote on Election Day (FR) — 2 juin 2022, de 9 h à 21 h (HE)	 859-3956-20011-559312	
Your voting location Votre lieu de vote *1234 NORTH WALSINGHAM - SOUTH WALSINGHAM TOWNLINE RD TORONTO ON M4P 0C6		JONATHAN SAMPLE 1234 NORTH WALSINGHAM - SOUTH WALSINGHAM TOWNLINE RD TORONTO ON M4P 0C5
Your electoral district Votre circonscription électorale LEEDS—GRENVILLE—THOUSAND ISLANDS AND RIDEAU LAKES LEEDS—GRENVILLE— THOUSAND ISLANDS ET RIDEAU LAKES		
Your registered address Votre adresse inscrite 1234 NORTH WALSINGHAM - SOUTH WALSINGHAM TOWNLINE RD TORONTO ON M4P 0C5		
Poll Bureau de vote #####		
*Contact us about the accessibility of this location. *Veuillez nous contacter pour toute question concernant l'accessibilité de ce lieu de vote.		

Maaari ka pa ring bumoto kung hindi ka nakatanggap ng kard ng impormasyon ng botante. Magdala ng isang pirasong ID na ipinapakita ang iyong pangalan at kasalukuyang tirahan.

Para sa buong listahan ng mga petsa at mga lokasyon ng pagboto sa iyong distrito ng halalan, bisitahin ang elections.on.ca o i-download ang app ng Elections Ontario.

ID para Bumoto

Mayroon ka bang kard ng impormasyon ng botante?

Oo—magdala ng isang pirasong ID na nagpapakita ng iyong pangalan

Wala—magdala ng isang pirasong ID na nagpapakita ng iyong pangalan at adres ng tirahan

Maaari kang gumamit ng elektronikong kopya ng iyong ID kapag bumoto ka, na maaaring i-print o ipakita sa isang mobile na aparato.

Hindi kinakailangan ang ID na may larawan. Hindi mo kailangang magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa iyong kasarian o pagpapahayag ng kasarian kapag bumoto ka.

Kabilang sa mga halimbawa ng tinatanggap na ID ang:

- Lisensya sa pagmamaneho sa Ontario
- Ontario health card
- Ulat ng kredit kard
- Bayarin sa palingkurang-bayan
- Pagpapaupa ng tirahan
- Transcript ng mag-aaral

Maghanap ng listahan ng tinatanggap na ID para sa pagboboto nang personal sa elections.on.ca/id-requirements.

Halina magtrabaho sa amin

Mag-aplay sa trabaho sa halalang ito!

Kung ikaw ay 16 taong gulang o mas matanda, maaari kang mag-aplay upang magtrabaho bilang opisyal ng halalan sa panahon ng paunang pagboto o sa araw ng halalan. Sa pagtatrabaho sa halalan, nakakatulong ka na gawing mas madali ang pagboto para sa lahat.

Ang lahat ng mga posisyon ay binabayaran, at ang mga karagdagang hakbang sa kalusugan ay inilalagay sa lugar upang mapanatiling ligtas ang mga kawani.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang jobs.elections.on.ca.

Elections Ontario na app

Kumuha ng isinapersonal na impormasyon sa halalan gamit ang aming bagong mobile app!



I-download ang Elections Ontario na app at gumawa ng account para magamit ang:

- Isang na-scan na bersyon ng iyong kard ng impormasyon ng botante
- Isang buong listahan ng iyong mga lokasyon at mga petsa ng pagboto
- Mga pinapasadyang abiso sa halalan
- Isang listahan ng mga kandidato para sa iyong distrito ng halalan

Bumoto ng maaga

- Sa pamamagitan ng koreo
 - Mag-aplay para bumoto sa pamamagitan ng koreo sa votebymail.elections.on.ca o i-download at i-print ang pormularyo ng aplikasyon sa elections.on.ca
 - Dapat matanggap ng Elections Ontario ang iyong aplikasyon bago ng alas 6 ng gabi (Eastern Time) sa Mayo 27
 - Dapat matanggap ng Elections Ontario ang iyong nakumpletong kit ng pagboto bago ng alas 6 ng gabi (Eastern Time) sa Hunyo 2 para mabilang

- Iba ang ID na kailangan mo upang bumoto sa pamamagitan ng koreo. Matuto nang mahigit pa sa elections.on.ca/id-requirements
- Sa iyong tanggapan sa pagbabalik
 - Ang iyong tanggapan sa pagbabalik ay ang lokal na tanggapan ng halalan para sa iyong distrito ng halalan
 - Bumoto nang personal sa iyong tanggapan sa pagbabalik mula Mayo 5 hanggang alas 6 ng gabi (Eastern Time) sa Hunyo 1
 - Hanapin ang iyong tanggapan sa pagbabalik sa iyong kard ng impormasyon ng botante o sa voterinformationsservice.elections.on.ca
- Sa panahon ng paunang pagboto
 - Bumoto sa alinmang lokasyon ng paunang pagboto sa iyong distrito ng halalan mula alas 10 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi (Eastern Time) sa pagitan ng Mayo 19 at 28.
 - Maghanap ng buong listahan ng mga lokasyon at mga petsa ng pagboto sa voterinformationsservice.elections.on.ca

Pagboto sa araw ng halalan

- Bumoto sa iyong itinalagang lokasyon ng pagboto mula alas 9 ng umaga hanggang alas 9 ng gabi (Eastern Time) sa Hunyo 2.
- Hanapin ang iyong itinalagang lokasyon ng pagboto sa iyong kard ng impormasyon ng botante, ang Elections Ontario na app, o sa voterinformationsservice.elections.on.ca

Kakayahang Ma-akses

Narito ang ilan sa mga kagamitan at mga serbisyo na magagamit mo.

Sa iyong tanggapan sa pagbabalik:

- Gumamit ng teknolohiyang pantulong sa pagboto mula Mayo 21 hanggang Hunyo 1 o sa pamamagitan ng tipanan sa araw ng halalan
- Tawagan ang iyong tanggapan sa pagbabalik upang humiling ng pagbisita sa bahay o para sa maa-akses na pagboto sa gilid ng bangketa sa iyong lokasyon ng pagboto
- Humiling ng paglipat bago ang araw ng halalan sa isang lokasyon ng pagboto na mas nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa pag-a-akses

Sa iyong lokasyon ng pagboto:

- Maglaan ng American Sign Language na tagasalin-wika o tagapamagitan at sasagutin namin ang gastos
- Gamitin ang iyong mobile na aparato bilang kagamitan sa pag-a-akses
- Humiling ng template ng pagpalaki o braille na balota
- Magdala ng kaibigan, taong sumusuporta o serbisyong hayop para tumulong

- Kumuha ng mga tagubilin sa pagboto at impormasyon sa higit sa 30 mga wika sa elections.on.ca

Ang lahat ng mga lokasyon ng pagboto ay dapat matugunan ang Mga Pamantayan sa Kakayahang Ma-akses ang Lugar ng Elections Ontario, kung saan posible.

Ang impormasyon tungkol sa pagboto ay makukuha sa mga alternatibong pormat kapag hiniling.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-a-akses ng iyong lokasyon ng pagboto at iba pang mga serbisyo, bisitahin ang elections.on.ca/accessible-voting.

COVID-19

Nakikipagtulungan kami sa Opisina ng Punong Opisyal ng Medikal ng Kalusugan upang panatilihin ligtas ang pagboto para sa mga botante at aming mga kawani. Bilang karagdagan sa mga panlalawigang hakbang para sa COVID-19, ang mga yunit ng pampublikong kalusugan at mga munisipalidad ay maaaring magtakda ng iba pang mga hakbang pangkalusugan sa COVID-19 para sa kanilang rehiyon.

Kapag bumoto ka, makikita mo na naglagay kami ng mga hakbang batay sa pinakamahusay na impormasyon sa panahong iyon—maaaring kabilang dito ang mga maskara, pisikal na pagdidistansya, pandisimpekta ng kamay, at mga plexiglass na harang.

Makipag-ugnayan sa amin

- Website: elections.on.ca
- Telepono: 1.888.668.8683
- TTY: 1.888.292.2312
- Email: info@elections.on.ca
- Twitter: @ElectionsON
- Facebook: ElectionsON
- Instagram: @electionson